

5

Modelong Banghay-Aralin sa GMRC 5

Kuarter
Aralin
3

Modelong Banghay Aralin sa GMRC 5
Kuarter 2: Aralin 3
SY 2023-2024

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa School Year 2023-2024. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

Bumuo sa Pagsusulat
Ethel Ronquillo-Burgos Silliman University
Tagasuri
Rosemarie D. Sabado, Ed.D. Laguna university
Management Team
Philippine Normal University Research Center for Teacher Quality SiMERR National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

BANGHAY-ARALIN

ASIGNATURA, KUWARTER, BAITANG O ANTAS: GMRC/Values Education / Ikalawang Kuwarter / Baitang 5

I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN	
A. Mga Pamantayang Pangnilalaman	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga tungkulin ng bawat kasapi ng pamilya.
B. Mga Pamantayan sa Pagganap	Naisasagawa ng mag-aaral ang mga paraan ng pagtupad ng sariling tungkulin bilang kasapi ng pamilya bilang pagsasabuhay ng pagiging mapanagutan.
C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto	Naisasabuhay ang pagiging mapanagutan sa pamamagitan ng pagbibigay-halaga sa epekto ng kanilang tungkulin sa pamilya a. Natutukoy ang mga tungkulin ng bawat kasapi ng pamilyang kinabibilangan b. Naipaliliwanag na ang tungkulin ng bawat kasapi ng pamilya ay mahalagang gampanan nang maayos upang mapagaan ang kanilang mga gawain at kakayahang mapamahalaan ang sarili c. Nailalapat ang mga paraan ng pagtupad ng sariling tungkulin bilang kasapi ng pamilya
C. Nilalaman	Mga Tungkulin ng Bawat Kasapi ng Pamilya 1. Ang pananagutan ng isang miyembro sa kaniyang buong pamilya 2. Mga modelong pamilyang Pilipino sa panahon ngayon 3. Mga hamon ng miyembro ng pamilya na may dalawa at magkasabay na tungkulin
D. Lilinanging Pagpapahalaga	Mapanagutan (<i>Accountable</i>)
E. Integrasyon	Kagandahan ng pag-aampon sa/ng pamilya Family Life and Responsible Parenthood

II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO

Abele, A. E. & Volmer, J. (2011). Dual-Career Couples: Specific Challenges for Work-Life Integration. Nakuha mula sa https://www.researchgate.net/publication/226134388_Dual-Career_Couples_Specific_Challenges_for_Work-Life_Integration

Del Castillo, F. A. (2013). Teaching Values Using Creative Strategies. Quezon City: Great Books Publishing

Department of Education (n.d.). MATATAG Curriculum: Good Manners and Right Conduct (GMRC) (Baitang 1-6) Values Education (VE) (Baitang 7-10)

Larawan nakuha mula sa

<https://www.shutterstock.com/image-vector/illustration-girl-cleaning-room-122256352>

<https://www.shutterstock.com/image-vector/loving-brother-little-sister-hugging-165531554>

https://www.freepik.com/premium-vector/happy-hugging-flat-color-faceless-characters-set-relationship-relatives-multi-cultural-group-friendship-couple-cuddle-family-isolated-cartoon-illustrations-white-background_10502557.htm

<https://www.shutterstock.com/image-illustration/female-caregiver-feeding-assistance-elderly-480932320>

<https://www.istockphoto.com/vector/empathy-empathy-and-compassion-concept-african-american-young-man-comforting-sad-man-gm1280164494-378549433>

<https://americasbestpics.com/picture/children-that-aren-t-taught-accountability-for-their-actions-grow-mMnsqyK59>

Me and My Family. (w.p.). Nakuha mula sa

https://tciurbanhealth.org/wp-content/uploads/2021/01/Module-2_Me-and-My-Family.pdf

Stuck in Limbo: Filipino Children up for Adoption Face Long, Uncertain Wait While Some Grow Too Old to be Adopted. (2022). Nakuha mula sa

<https://pulitzercenter.org/stories/stuck-limbo-filipino-children-adoption-face-long-uncertain-wait-while-some-grow-too-old-0>

Villanueva, V. M. (2018). #ABKD (AKO BIBOKASE DAPAT). Makati City: VMV11483 Book Publishing House

5 Examples of Family Responsibilities You Should Know! (w.p.) Nakuha mula sa

<https://whiz.id/en/family-responsibilities/>

III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO

MGA TALA sa GURO

A. Pagkuha ng Dating Kaalaman	UNANG ARAW Maikling Balik-aral Kumpletuhin ang mga pangungusap. 1. Maipapakita ko ang aking pagmamahal sa aking mga magulang o tagapangalaga sa pamamagitan ng _____ _____ _____ _____ _____ 2. Mahalagang maipakita at maipadama ko sa kanila ang pagmamahal ko sapagkat _____ _____ _____ _____	Magbigay ng 5 minuto upang sagutin ito ng mga mag-aaral. At pumili lamang ng 3-4 na mag-aaral para magbahagi ng kanilang mga sagot.
B. Paglalahad ng Layunin	1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin Siping-banggit. Pumili lamang ng isang siping-banggit o <i>quotation</i> sa mga sumusunod. Ipaliwanag ang mensaheng nais ipabatid ng siping-banggit o <i>quotation</i> na ito. a. <i>“Children that aren't taught accountability for their actions grow up to become adults that think nothing they do is wrong” – Moms Living Thrifty</i> Isinalin sa Pilipino: “Ang mga bata na hindi tinuturuan ng pananagutan para sa kanilang mga gawa ay lumalaking may paniniwala na walang mali sa kanilang ginagawa kapag sila ay naging matatanda na.” b. <i>“Children need to learn to take responsibility for their actions so that they do not become adults believing that nothing is ever their fault.” - www.atiseminars.org</i>	Siping-banggit at Talasapan Ang mga gawaing ito ay makakatulong sa pagtukoy ng mga mahahalagang konsepto at kaalaman tungkol sa pagbibigay-halaga sa mga tungkulin at pananagutan ng bawat kasapi ng pamilya.

Isinalin sa Pilipino:

“Ang mga bata ay kailangang matuto na maging responsable sa kanilang mga kilos upang hindi sila maging mga matatanda na naniniwala na wala silang kasalanan kailanman.”

2. Paghawan ng Bokabularyo sa Nilalaman ng Aralin

#TALASAPAN: Tala at Usapan Tungo sa Mabunga at Makabuluhang Ugnayan at Talakayan

Balikan ang mensahe ng siping-banggit o quotation. Sa unang hanay, isulat ang kahulugan ng salitang nakasulat ayon sa iyong pagkakaintindi. At sa ikalawang hanay, sagutin ang mga tanong na nakapaloob dito.

TALA: Salita't Kahulugan	USAPAN: Talakayan
Halimbawa: Responsable – pagtupad o pagganap ng mga tungkulin	Bakit mahalaga na ang bawat kasapi ng pamilya ay responsable? Kapag ang bawat miyembro ay responsable sa kanilang mga tungkulin, mas magkakaroon ng tiwala at kapayapaan sa loob ng tahanan.

	<table border="1"> <tr> <td data-bbox="443 140 1052 432"> Pananagutan – _____ _____ _____ _____ </td> <td data-bbox="1052 140 1646 432"> Sa palagay mo, ano ang iyong pananagutan sa pamilya mo? _____ _____ _____ </td> </tr> <tr> <td data-bbox="443 432 1052 751"> Paniniwala - _____ _____ _____ _____ </td> <td data-bbox="1052 432 1646 751"> Ano ano ang mga paniniwala na itinuro sa iyo ng iyong mga magulang o pamilya? _____ _____ _____ </td> </tr> <tr> <td data-bbox="443 751 1052 1043"> Matatanda - _____ _____ _____ _____ </td> <td data-bbox="1052 751 1646 1043"> Bakit mahalagang pakinggan ang mga payo at gabay ng mga matatanda? _____ _____ _____ </td> </tr> </table>	Pananagutan – _____ _____ _____ _____	Sa palagay mo, ano ang iyong pananagutan sa pamilya mo? _____ _____ _____	Paniniwala - _____ _____ _____ _____	Ano ano ang mga paniniwala na itinuro sa iyo ng iyong mga magulang o pamilya? _____ _____ _____	Matatanda - _____ _____ _____ _____	Bakit mahalagang pakinggan ang mga payo at gabay ng mga matatanda? _____ _____ _____	
Pananagutan – _____ _____ _____ _____	Sa palagay mo, ano ang iyong pananagutan sa pamilya mo? _____ _____ _____							
Paniniwala - _____ _____ _____ _____	Ano ano ang mga paniniwala na itinuro sa iyo ng iyong mga magulang o pamilya? _____ _____ _____							
Matatanda - _____ _____ _____ _____	Bakit mahalagang pakinggan ang mga payo at gabay ng mga matatanda? _____ _____ _____							
C. Paglinang at Pagpapalalim	IKALAWANG ARAW Kaugnay na Paksa 1: Ang Pananagutan ng Isang Miyembro sa Kaniyang Buong Pamilya 1. Pagproseso ng Pag-unawa	Kaugnay na Paksa 1 Ang layunin ng paksang ito ay upang matukoy ng mga mag-aaral ang iba't ibang pananagutan ng bawat kasapi ng pamilya sa kanyang buong pamilya. Dito nila						

	Ang pananagutan sa pamilya ay nangangahulugan ng pagiging batid sa mga obligasyon o responsibilidad ng mga miyembro ng pamilya sa kanilang kapaligiran. Sa pamamagitan ng mga panangutan sa pamilya, ang mga miyembro ng pamilya ay magiging responsable sa mas malawak na kapaligiran. Ang pananagutan ay ang kamalayan ng tao sa pagtupad ng kanilang mga obligasyon. Narito ang ilang mga pananagutan ng isang miyembro sa kaniyang buong pamilya: a. Pagpapanatili ng Magandang Pangalan ng Pamilya Ang magandang pangalan ng pamilya ay itinuturing na imahe ng sarili ng isang pamilya na walang kapintasan. Ang pagpapanatili ng magandang pangalan ay mahalaga dahil ito'y nagbibigay ng magandang impresyon sa iba. Upang mapanatili ang magandang pangalan ng pamilya, inaasahan na ang mga magulang ay magtuturo ng mga moral na halaga sa kanilang mga anak. Halimbawa nito ay ang paggalang sa iba, pagpapanatili ng pagkakapamilya, at pagpapanatili ng mga sinabi at asal. b. Pagsunod sa mga Patakarán ng Pamilya Ang mga patakarán ay hindi lamang umiiral sa paaralan. Maaari rin namang magtakda ang mga magulang ng kanilang sariling mga patakarán sa pamilya. Syempre, dapat aprubado ng lahat ng mga miyembro ng pamilya, kasama na ang mga anak, ang mga patakarán. Sa pamamagitan ng mga patakarán, inaasahan na ang mga miyembro ng pamilya ay makapagbibigay ng mabuting kaugalian sa kapaligiran ng pamilya. Sa bandang huli, may ilang mga benepisyo rin ang mga patakarán ng pamilya, tulad ng pag-iwas sa mga pagtatalo na nagdudulot ng mga pagtatalo, pagpapraktis ng disiplina, at ang mga miyembro ng pamilya ay magkakaroon ng higit na pagmamahal at pagrespeto sa isa't isa. c. Pagpapanatili ng Pagkakaisa sa Pamilya Nais ng bawat magulang na magkaroon ng isang maayos na pamilya. Ito'y pangarap na hindi lamang para sa kanila kundi para sa lahat. Napakahalaga ng pagkakaisa ng pamilya. Bakit? Sapagkat ang isang maayos na pamilya ay naglilikha ng pagmamahal at pakikisama sa bawat miyembro nito. Ang pagiging bahagi ng isang pamilya ay hindi lamang hanggang isang linggo o isang buwan, kundi panghabang-buhay. Ngunit para mapanatili ang pagkakaisa sa pamilya, kinakailangan ng mga magulang na kumilos. d. Pag-uugali ayon sa mga Pamantayan sa Pamilya	mauunawaan ang kahalagahan kung bakit kinakailangang mapanatili ang magandang ugnayan ng isang buong pamilya.
--	--	--

Kailangan nating sumunod sa lahat ng mga naaangkop na pamantayan sa buhay panlipunan. Ganito rin kapag tayo ay nasa bahay. Ibig sabihin nito, kailangan nating sundin ang mga itinakdang pamantayan sa loob ng bahay. Tunay nga na ang kapaligiran sa pamilya ang unang kapaligiran para sa pakikisalamuha. Kaya mahalaga ang pagpapatupad ng mga pamantayan sa pamilya. Halimbawa, dapat tawagin ng mga nakababatang kapatid ang kanilang mga nakatatandang kapatid ng may paggalang, huwag magsalita ng mabigat, at humingi ng tulong nang magalang kapag kailangan nila ng tulong.

e. Pagpapanatili ng Kaligtasan, Kaugnayan, at Kaginghawaan sa Bahay sa Loob ng Pamilya

Ang kalinisan ay hindi rin nagpapahuli sa iba pang mga punto. Ang dahilan ay, ang isang malinis na pamilya ay magbibigay-daan sa isang malusog na pamilya. Ang kalinisan ay hindi lamang nagmumula sa isang miyembro ng pamilya, kundi maging sa kabuoan, simula mula sa personal na kalinisan hanggang sa kalinisan sa bahay.

2. Pinatnubayang Pagsasanay

Aksyon sa Larawan. Suriin ang bawat larawan at ang posibleng mensahe nito. Sa ikalawang hanay, ilarawan ang aksyon o gawi nito at kung paano ito magagawa ng maayos. At sa ikatlong hanay, ipaliwanag ang epekto ng aksyon o gawi na ito sa buong pamilya.

Larawan	Aksyon sa Larawan (Ilarawan ang aksiyon o gawi nito at kung paano ito magagawa ng maayos)	Epekto (Ipaliwanag ang epekto ng aksyon o gawi na ito sa buong pamilya)

Aksyon sa Larawan

Sa pagtalakay, pumili lamang ng isang mag-aaral sa bawat larawan na magbabahagi. Tandaan na ang pinakamahalagang matutuhan nila ay ang epekto ng bawat aksiyon sa kanilang pamilya.

Halimbawa:

1. Ang epekto ng paglilinis ng isa sa mga miyembro ng pamilya ay hindi lamang pansarili kundi sa kabuoan ng tahanan. Ang pananagutan na ito ay dapat lamang na gawin ng bawat kasapi ng pamilya.











3. Paglalapat at Pag-uugnay

#SURINAWA. Pagsusuri at Pag-unawa, Marapat Pagtagpuin at Hindi Paghiwalayin

Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Sa inyong tahanan, ano ang pangunahing pananagutan o responsibilidad mo?
2. Sa iyong pagtupad sa responsibilidad, ano ang epekto nito sa inyong pamilya?

Kaugnay na Paksa 2: Mga Modelong Pamilyang Pilipino sa Panahon Ngayon

1. Pagproseso ng Pag-unawa

Kaugnay na Paksa 2

	Ang mga pamilyang Pilipino sa kasalukuyang panahon ay nagmumula sa iba't ibang anyo. 1. Mga Pamilya na may mga Nagtatrabahong Ina Sa kasalukuyan, karamihan sa mga tahananang Pilipino ay may mga nagtatrabahong mga ina. Sa mataas na gastusin sa pang-araw-araw at pagbabago sa pamumuhay, madalas na hindi sapat ang kinikita ng asawa upang suportahan ang pamilya. 2. Mga Pamilya na may mga Tatay na Nanatili sa Bahay Ang pagpili ng tatay na maging tagapag-alaga sa bahay ay maaaring batay sa kanilang personal na sitwasyon at pangangailangan ng kanilang pamilya. 3. Mga Pamilyang <i>Latchkey</i> Ang mga pamilyang <i>Latchkey</i> ay kung saan ang mga magulang ay hindi available na alagaan at/o bantayan ang mga bata bago o pagkatapos ng paaralan at sa mga bakasyon sa paaralan. Ang terminong "latchkey" ay tumutukoy sa katotohanan na ang mga bata ay may sariling susi upang makapasok sa tahanan ng pamilya. 4. Pamilya ng Isang Magulang o <i>Solo Parent</i> Ang isang pamilya ay maaaring may isang magulang o <i>solo parent</i>. Sa tradisyon, nangyayari lamang ito kung ang isa sa mga magulang ay namatay. Ngunit ngayon, dumarami ang bilang ng mga pamilyang may isang magulang dahil sa paghihiwalay ng pamilya na nagdudulot ng paghihiwalay, pag-iwan, o anulasyon ng kasal. May mga pagkakataon din na ang isang bata ay itinataguyod ng isang hindi kasal na magulang, isang tiyahin/tiyuhin, o kahit isang lolo/lola. 5. Mga Pamilyang may Magkahiwalay na mga Magulang Maraming pamilya ang mayroong ama at ina na nagtatrabaho sa ibang bansa o sa malalayong mga bayan, lungsod, o probinsya. Kaya't sila ay malayo sa kanilang pamilya at tahanan sa loob ng mahabang panahon. Mayroon din mga pamilya kung saan ang trabaho ng asawa ay nangangailangan ng madalas na paglalakbay sa malalayong lugar, na nagpapalayo sa kanila sa kanilang pamilya. Sa ganitong uri ng mga pamilya, ang natitirang magulang ay tumatayong nagpapalit sa tungkulin ng nawawalang magulang o <i>absentee parent</i>. 6. Mga Pamilyang Pinaghalong Maybahay o <i>Blended Families</i>	Mahalaga ang paksang ito upang maunawaan ng mga mag-aaral ang iba't ibang modelo o anyo ng pamilyang Pilipino sa panahon ngayon. Ang layon nito ay upang maunawaan nila ang mga modelong ito ay totoo, nangyayari, at dapat bigyan ng pag-unawa at halaga, katulad ng ating mga kanya-kanyang pamilya.
--	--	---

Ang isang pinaghalong o binuong pamilya ay tumutukoy sa mga magulang at mga anak mula sa kanilang mga naunang pagsasama na nagkaroon ng bagong pagsasama. Maaaring may mga anak na biyolohikal at hindi biyolohikal.

7. Pag-aampon

Ang labis na kahirapan, pagiging iisa o *solo parent*, at pang-aabuso ay ilan sa mga pangunahing salik na nagtutulak sa mga magulang na iwanan ang kanilang mga anak. Ang mga pamilyang nag-aampon ay nagpapakita ng pagmamahal at pagtanggap sa mga bata na hindi nila biyolohikal na mga anak, na nagpapakita ng kagandahang-loob at pagiging bukas-palad.

IKATLONG ARAW

2. Pinatnubayang Pagsasanay

Pagbuo ng **"Family Diversity Poster"**

1. Hatiin ang klase sa 3-4 na pangkat. Ipaliwanag sa mga mag-aaral na bumuo ng isang poster na nagpapakita ng iba't ibang uri o anyo ng pamilya.
2. Ihanda ang mga materyales tulad ng papel, mga larawan, at iba pang dekorasyon.
3. Ipakita sa poster ang iba't ibang anyo ng pamilya tulad ng *blended family*, *latchkey family*, *solo parent family*, at iba pa.
4. Pagkatapos, magkakaroon ng pagtatanghal kung saan ipapakita ng bawat pangkat ang kanilang poster sa klase at ipapaliwanag ang kahalagahan ng bawat uri ng pamilya sa lipunan.

Batayan	Napakasi ning	Masining	Nanganga ilangan ng Tulong 1-4	Puntos
	8-10	5-7		
PRESENTASYON (makulay, maganda, at mura)				
MAKATOTOHANAN (sariling likha, angkop sa paksa at tema)				

Sa pamamagitan ng pagbuo ng **"Family Diversity Poster,"** magkakaroon ang mga mag-aaral ng pagkakataon na ipakita ang kanilang pag-unawa sa mga iba't ibang anyo ng pamilya at magbahagi ng kahalagahan nito sa lipunan.

	<table><tr><td>NILALAMAN (dapat, sapat, lapat)</td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr><tr><td>KABUOAN</td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr></table>	NILALAMAN (dapat, sapat, lapat)					KABUOAN					
NILALAMAN (dapat, sapat, lapat)												
KABUOAN												
	3. Paglalapat at Pag-uugnay #SURINAWA. Pagsusuri at Pag-unawa, Marapat Pagtagpuin at Hindi Paghiwalayin Sagutin ang mga sumusunod na tanong: 1. May bago ka bang natutuhan sa paksang ito? Ano ano ang mga iyon? 2. Mayroon ka bang anumang mga pagsubok, katanungan, at mga alalahanin sa pag-unawa sa mga bagong konsepto ng paksa? Ano ano ang mga iyon? 3. Sa palagay mo, makabuluhan ba ang mga bagong konsepto na ito na iyong natutuhan? Bakit? Kaugnay na Paksa 3: Mga Hamon ng Miyembro ng Pamilya na may Dalawa at Magkasabay na Tungkulin 1. Pagproseso ng Pag-unawa Ang mga hamon para sa mga miyembro ng pamilya na may dalawang at magkasabay na tungkulin ay maaaring magkakaiba depende sa kanilang sitwasyon at responsibilidad. Ilan sa mga posibleng hamon na kanilang hinaharap ay: 1. Suliranin sa Sobrang Trabaho Ang mga suliranin sa sobrang trabaho ay tumutukoy sa isyu na ang mga mag-asawang nagtatrabaho sa full-time ay may mas kaunting oras at mas limitadong mga mapagkukunan para sa mga gawain sa bahay. Ipinapasa nila ang ilang mga responsibilidad sa ibang tao upang malutas ang mga suliraning dulot ng sobrang trabaho. 2. Suliraning Tumutukoy sa Pagsusuri ng mga Panininiwalang Moral o Normative dilemmas Ito ay mga suliraning tumutukoy sa pagsusuri ng mga panininiwalang moral ng mga tao. Lalo na ang mga nagtatrabahong mga ina ay hinaharap ang sosyal na	Kaugnay na Paksa 3 Ang paksang ito ay naglalayong maunawaan ng mga mag-aaral na may mga hamon at pagsubok sa pamilya na may dalawa at magkasabay na tungkulin lalong lalo na sa kanilang mga magulang. Ang pagpapahalaga sa kaalaman ng mga bata ay upang maunawaan nila ang realidad ng pamilya, maunawaan at suportahan ang isa't isa, maging handa sa pagtulong sa kanilang mga kapamilya sa oras ng pangangailangan,										

	pamantayan na inaasahan na manatili sila sa bahay at alagaan ang kanilang mga anak, at itinuturing ang pagtatrabaho ng full-time bilang pagiging egoista at nang sa kawalang kabahalaan sa kalagayan ng mga bata. 3. Mga Suliranin o Pagsubok sa Pagkakakilanlan o Identity Dilemmas Ang mga pagsubok sa pagkakakilanlan ay kaugnay ng pagtugon sa iba't ibang mga pangangailangan ng papel. Halimbawa, sinasabi ng mga kababaihan na kanilang binabalanse ang mga tungkulin sa pamamagitan ng pagpapakita ng agresibong kilos sa trabaho kapag kinakailangan, at pagpapakita ng maalalahaning asal kapag nasa tahanan. 4. Mga Suliraning Kaugnay sa Lipunang Nagpapaligid o Social Network Dilemmas Ang "social network dilemmas" ay tungkol sa mga suliranin na dala ng pag-aalaga sa mga kaibigan o grupo ng tao habang mayroong mga responsibilidad sa pamilya. Ito ay maaaring magdulot ng pag-aalala sa pagtugma ng oras at enerhiya sa pag-aasikaso sa pamilya at pakikipagkaibigan. 2. Pinatnubayang Pagsasanay #PSP: PROBLEMA, SOLUSYON, PANGUNGUSAP. Lapat na Pahayag sa Sulirani'y Tunay na Lunas Paksang Tatalakayin: Mga Problema o Suliranin sa "Mga Hamon ng Miyembro ng Pamilya na may Dalawa at Magkasabay na Tungkulin" a. Pagtambalin ang mag-aaral. Ang isa ang tutukoy sa suliranin at ang isa naman ang magbibigay ng solusyon. Magkatuwang na ipahayag ang sa paraang pasulat ang pangungusap na naglalaman ng mga problema at solusyon. b. Muling pagtambalin ang mag-aaral. Tiyaking iba naman ang magiging katambal sa pagkakataong ito. c. Bilang buod ng gawain, bumuo ng talahanayan ng problema at solusyon. Ang nabuong talahanayan ang pagbabatayan ng mag-aaral sa pagbuo ng pangungusap na tumutugon sa impormasyon ng talahanayan. <table border="1" data-bbox="443 1358 1653 1425"> <tr> <th>PROBLEMA</th><th>SOLUSYON</th><th>PANGUNGUSAP</th></tr> <tr> <td> </td><td> </td><td> </td></tr> </table>	PROBLEMA	SOLUSYON	PANGUNGUSAP				mabigyang-halaga ang mga sakripisyo at pagmamalasakit sa kanilang mga magulang at mga kapatid. #PSP: PROBLEMA, SOLUSYON, PANGUNGUSAP Ang gawaing ito ay mahalaga sa mga mag-aaral dahil nagbibigay ito ng kaalaman at kasanayang kinakailangan ng mga mag-aaral upang mas maunawaan at harapin ang mga hamon na dulot ng pagkakaroon ng dalawang magulang na nagtatrabaho pareho. Dito mailalapat ng mga mag-aaral ang kanilang partisipasyon sa mapanagutang pagtupad ng
PROBLEMA	SOLUSYON	PANGUNGUSAP						

	Halimbawa: Walang sapat na oras ang mga magulang para sa kanilang trabaho at para sa pamilya.	Magtulong-tulong sa pagbuo ng iskedyul na naglalaman ng mga tiyak na oras para sa trabaho, pamilya, pahinga, at iba pang mga gawain. Magtalaga ng mga prayoridad sa oras upang malaman kung aling mga gawain ang pinakamahalaga at dapat unahin.	Napakahalagang magkaroon ng balanse sa oras ang mga magulang para sa pamilya sa kabila ng kanilang mga tungkulin at responsibilidad sa trabaho at sa pamilya.	kanilang mga tungkulin bilang kasapi ng pamilya
	1.			
	2.			
	IKAAPAT NA ARAW 3. Paglalapat at Pag-uugnay #SURINAWA. Pagsusuri at Pag-unawa, Marapat Pagtagpuin at Hindi Paghiwalayin Sagutin ang mga sumusunod na tanong:			

	1. Batay sa mga gawaing ito, ano ang napakahalagang mensahe na natutuhan mo sa pagharap ng mga hamon kasama ang iyong pamilya? 2. May nabago ba sa iyong mga pananaw bilang anak at kasapi ng iyong pamilya?	
D. Paglalahat	1. Pabaong Pagkatuto #DYORNAL. Ibahagi ang Detalye ng Sarili at Saysay ng Pangyayari Sumulat ng personal na reaksiyon, opinion, tanong, o suhestiyon sa pinag-aralang paksa. Maaaring gumawa ng gabay sa pagsusulat ng dyornal, halimbawa: Unang talata – Maikling buod ng iyong natutunan mula sa aralin. Ikalawang talata – Batay sa iyong mga natutuhan, paano ito nakakaapekto sa iyong pag-iisip, damdamin, o pananaw bilang isang mag-aaral? Ikatlong talata – Mga tanong, konseptong hindi nauunawaan, at hamon sa paksang ito 2. Pagninilay sa Pagkatuto SURI-SARILI. Batay sa paksang pinag-aralan, suriin ang iyong pananaw kung ano anong mga paraan upang matupad mo ang iyong mga sariling tungkulin bilang kasapi ng pamilya. Ang mga paraang ito ay aking tutuparin para sa aking pamilya... 1. 2.	#DYORNAL Maaaring pumili ng 3 o 4 na dyornal at basahin ito sa klase. Iproseso pagkatapos.

--	---	--

IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY		MGA TALA sa GURO
A. Pagtataya	1. Pagsusulit Tama O Mali. Bilugan ang "T" kung Tama at "M" kung Mali. (1 puntos bawat tanong). 1. [T/M] Upang mapanatili ang magandang pangalan ng pamilya, inaasahan na ang mga magulang ay magtuturo ng mga moral na halaga sa kanilang mga anak. 2. [T/M] Mahalaga na aprubado ng lahat ng mga miyembro ng pamilya, kasama na ang mga anak, ang mga patakaran sa loob ng tahanan. 3. [T/M] Ang kalinisan ay nagsisimula mula sa personal na kalinisan hanggang sa kalinisan sa bahay. 4. [T/M] Kasama sa paggalang ay tawagin ng mga nakababatang kapatid ang kanilang mga nakatatandang kapatid ng may paggalang, huwag magsalita ng mabigat, at humingi ng tulong nang magalang kapag kailangan nila ng tulong. 5. [T/M] Upang mapanatili ang pagkakaisa sa pamilya, hindi na kinakailangan ng mga magulang na kumilos. 6. [T/M] Ang mga pamilyang nag-aampon ay nagpapakita ng pagmamahal at pagtanggap sa mga bata na hindi nila biyolohikal na mga anak. 7. [T/M] Sa kasalukuyan, karamihan sa mga tahananang Pilipino ay may mga nagtatrabahong mga ina.	Mga Sagot: 1. T 2. T 3. T 4. T 5. M 6. T 7. T 8. M 9. T 10. T

	8. [T/M] Ang pagpili ng tatay na maging tagapag-alaga sa bahay ay base lamang sa kaniyang pansariling kagustuhan. 9. [T/M] Maaaring may mga anak na biyolohikal at hindi biyolohikal ang <i>blended families</i>. 10. [T/M] Sa ngayon, dumarami na ang bilang ng mga pamilyang may isang magulang dahil sa paghihiwalay ng pamilya na nagdudulot ng paghihiwalay, pag-iwan, o anulasyon ng kasal.			
B. Pagbuo ng Anotasyon	Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.	Epektibong Pamamaraan	Problemang Naranasan at Iba pang Usapin	
	<i>Estratehiya</i>			
	<i>Kagamitan</i>			
	<i>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</i>			
	<i>At iba pa</i>			
C. Pagninilay	<i>Gabay sa Pagninilay:</i> ▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u> <i>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?</i> ▪ <u>Mag-aaral</u> <i>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin? Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?</i> ▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u> <i>Ano ang aking nagawang kakaiba? Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</i>			

<i>Inihanda ni: Ethel Ronquillo-Burgos</i>	<i>Sinuri ni: Rosemarie D. Sabado, Ed.D.</i>
<i>Institusyon: Silliman University</i>	<i>Institusyon: Laguna University</i>